

CONSUMER MOTOR VEHICLE RECOVERY CORPORATION

PAUNAWA SA MGA MAMIMILI

Maaaring may karapatan kang tumanggap ng kabayaran mula sa Consumer Motor Vehicle Recovery Fund kung (1) bumili ka o nagpaupa ng sasakyan sa lisensiyadong mangangalakal (o nagpapaupa-magtitinda), o ipinatinda mo ang iyong sasakyan sa lisensiyadong mangangalakal, at (2) may isinampa kang kahilingan dahil sa nawalang pera makalipas ang Hulyo 1, 2008, bunga ng kabiguan ng mangangalakal na gawin ang alinman sa mga sumusunod:

- Ilipat ang iyong lisensiya o mga binayaran sa rehistro sa DMV
- Bayaran sa iyo ang napagkasunduang halaga pagkatapos mabili ang sasakyan na iyong ipinatinda, o
- Tubusin sa pinagkasunduang halaga ang sasakyan na iyong itinrade-in nang bilihin mo o upahan ang iyong sasakyan
- Magbigay ng maayos na titulo, nang walang anumang lien o iba pang claim
- Bayaran ang mga ikatlong partido para sa seguro, mga kontrata ng serbisyo, o mga produkto o serbisyo na binili sa pamamagitan ng nagbenta

Ang aplikasyon ay dapat mapunan sa loob ng isang taon ng petsa kung kailan ang nagbenta o retailer na nagpaluwal ay huminto sa pagbebenta o pagli-lease ng mga sasakyang de motor sa pangkalahatang publiko o naging paksa ng isang petisyon dahil sa pagka-bangkarote Late claims are not eligible for payment.

Kung sa palagay mo ay may karapatan kang magsampa ng kahilingan, kumpletuhin ang Form para sa Kahilingan para sa Pagkuha ng Pondo ng Sasakyan at ibalik ito kasama ang mga kopya ng mga hininging dokumento na susuporta sa iyong kahilingan sa address na nakalagay sa Form para sa Kahilingan. Huwag ipadala ang kumpletong form sa pamamagitan ng e-mail. Ang mga Form para sa kahilingan na ipadadala sa pamamagitan ng e-mail ay hindi ipoproseso.